GABAY NA AKLAT NG

# MGA PINUNO NG PAGKASASERDOTE AT PANTULONG NA SAMAHAN

G A B A Y  N A  A K L A T  N G

# MGA PINUNO NG PAGKASASERDOTE AT PANTULONG NA SAMAHAN

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Lungsod ng Salt Lake, Utah

# Mga Nilalaman


| | |
|---|---|
| Pambungad | 1 |
| Pagkasaserdote | 5 |
| Mga Pantulong na Samahan | 14 |
| Pagpapahusay ng Kurikulum at ng Guro | 19 |
| Pamumuno | 21 |
| Pagkuha ng mga Materyal ng Simbahan at Paghahanap ng Impormasyon Tungkol sa Kasaysayan ng Mag-anak | 28 |


## Pamamahagi

Ang *Gabay na Aklat ng mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* ay para sa mga pinuno ng pagkasaserdote at pantulong na samahan na bago sa Simbahan at limitado ang karanasan sa Simbahan. Magiging kapaki-pakinabang din ito sa mga pinuno sa mas mauunlad na lugar. Ipinaliliwanag nito ang mga alituntunin at kaugalian upang tulungan ang mga pinuno ng pagkasaserdote at pantulong na samahan na magampanan ang kanilang mga tungkulin.


© 1996, 2001 ng Intellectual Reserve, Inc.
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan


Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 3/01
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 3/01
Pagsasalin ng *Priesthood and Auxiliary Leaders' Guidebook*
Tagalog

# Pambungad

Inihanda ng Simbahan ang gabay na aklat na ito upang tulungan ang mga pinuno ng pagkasaserdote at pantulong na samahan na matutuhan ang mga responsibilidad ng kanilang mga tungkulin at kung paano gagampanan ang mga ito. Ang lahat ng mga pinuno at iba pang mga miyembro ng Simbahan ay dapat tumulong sa pagsasagawa ng misyon ng Simbahan, na anyayahan ang lahat ng tao na "lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya" (Moroni 10:32). Upang maisagawa ang misyong ito, tinutulungan ng mga pinuno ang mga miyembro na:

- Ipahayag ang ebanghelyo ni Jesucristo sa bawat bansa, angkan, wika, at bayan. Ibahagi ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng patotoo ayon sa inspirasyong dulot ng Espiritu.
- Gawing ganap ang mga Banal. Tulungan ang mga bagong binyag sa pag-unlad sa Simbahan sa pamamagitan ng pagtiyak na sila ay mayroong kaibigan at gawain [sa purok o sangay] at pinangangalagaan ng mabuting salita ng Diyos. Tanggapin ang mga ordenansa at gumawa ng mga tipan ng ebanghelyo, magsikap na sundin ang mga kautusan tulad ng ipinangako nila, maglingkod sa kanilang kapwa, kalingain ang mga maralita at nangangailangan, at kaibiganin ang isa't isa upang maitatag ang komunidad ng mga Banal.
- Tubusin ang mga patay. Tukuyin ang mga namatay na ninuno at isagawa ang mga ordenansa sa templo para sa kanila hangga't makatwirang gawin upang makapaghanda para sa kadakilaan ng mag-anak.

## Ibahagi ang Ebanghelyo

Inuutusan ng Panginoon ang mga miyembro ng Simbahan na ibahagi ang



ebanghelyo. Dapat itong gawin mismo ng mga pinuno ang ebanghelyo at dapat nilang hikayatin at bigyang-inspirasyon ang ibang miyembro na gawin ito. Kabilang sa ilang paraan ng pagbabahagi ng ebanghelyo ang:

- Pagpapakita ng mabuting halimbawa ng pamumuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo.
- Pagsasabi sa mga kaibigan at miyembro ng mag-anak ng tungkol sa ebanghelyo at sa mga biyayang idinudulot nito sa kanilang buhay.
- Pagtulong sa mga misyonero ng distrito o mga full-time na misyonero.
- Pagpaplano ng mga gawain at programa upang maipakilala ang ebanghelyo sa iba.

Ang isa pang paraan upang maibahagi ang ebanghelyo ay ang pagtulong sa mga miyembro na maglingkod sa full-time na misyon. Matutulungan ng mga pinuno ang mga kabataan na makapaghanda para maglingkod, mahihikayat ang mga magulang na ihanda ang kanilang mga anak para sa mga misyon, at mahihikayat ang mga mag-asawang nagretiro para magmisyon. Dagdag pa rito, mapapayuhan nila ang mga miyembro na mag-impok upang sila mismo ang gumastos para sa sarili nilang misyon at matustusan sa pananalapi ang mga misyonero.

Sa ilalim ng pangangasiwa ng pangulo ng sangay, ang pinuno ng misyon ng sangay (kapag tinawag) ang nakikipag-ugnayan para sa gawaing misyonero sa sangay.

## Gawing Ganap ang mga Banal

Ang paggawang ganap sa mga Banal ay kinapapalooban ng panghihimok at pagtulong sa bawat miyembro na ipamuhay ang ebanghelyo bawat araw upang makapaghanda para sa kadakilaan. Ang paggawang ganap sa mga Banal ay kapwa may espirituwal at temporal na aspeto.

### Espirituwal na Paghahanda



Dapat magpatuloy sa pananalangin ang mga pinuno para sa inspirasyon upang malaman kung paano tutulungan ang mga miyembro na dagdagan ang kanilang espirituwal na lakas. Matutulungan ng mga pinuno ang mga miyembro na espirituwal na makapaghanda sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng ebanghelyo at paghimok sa kanila na ipamuhay ito. Dapat nilang hikayatin ang mga miyembro na lumapit sa Panginoon sa pamamagitan ng pananalangin, pag-aayuno, pagtanggap ng sakramento,

at pag-aaral ng mga banal na kasulatan at ng mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Dapat ay maglaan sila ng mga pagkakataon upang makapaglingkod, tiyakin nilang espirituwal na nagpapasigla ang mga pulong, at magpakita sila ng pagmamahal sa pamamagitan ng paglilingkod sa bawat miyembro.

Ang mga pagsisikap na gawing ganap ang mga Banal ay dapat tumuon sa mga tao at mag-anak. Pinalalakas at itinataguyod ng Simbahan ang mga mag-anak at tahanan. Ang tahanan ang pinakamahalagang lugar para sa pagtuturo ng ebanghelyo at pamumuno. Dapat hikayatin ng mga pinuno ang mga miyembro ng mag-anak na mahalin at paglingkuran ang isa't isa at bigyang-diin na may pananagutan ang mga magulang na ituro ang ebanghelyo sa kanilang mga anak at palagiang magdaos ng mga gabing pantahan ng mag-anak.

Dapat maghanda ang lahat ng miyembro ng Simbahan na tanggapin ang mga pagpapala ng templo. Ang mga responsibilidad ng mga miyembro sa paggawa nito ay nakabalangkas sa *Gabay na Aklat ng Mag-anak* (31180 893). Matutulungan ng mga pinuno ang mga miyembro sa paghahandang tanggapin ang mga pagpapala ng templo sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila tungkol sa templo. Dapat hikayatin ng mga pinuno ang mga miyembro na mamuhay nang marapat upang makakuha at laging magkaroon ng may-bisang rekomendasyon sa templo at tanggapin ang kanilang endowment sa templo at mga ordenansa sa pagbubuklod sa templo kapag nararapat. Ang isang karapat-dapat na tao ay iyong nakipagtipan sa Panginoon, tulad ng tipan sa pagbibinyag, at masigasig na nagpupunyaging sundin ang mga tipan na ito.

**Pisikal at Temporal na Paghahanda**

Matutulungan ng mga pinuno ang mga miyembro na maghandang tugunan ang mga pisikal at temporal na pangangailangan sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila na tumayo sa sarili nilang mga paa at maghanda para sa mga di-inaasahang pangyayari. Matuturuan ng mga pinuno ang mga miyembro na ipamuhay ang batas ng ikapu at batas ng pag-aayuno, hikayatin silang mamuhay ayon sa kanilang kinikita, at mag-atas ng mga tagapagturo ng tahanan at dumadalaw na tagapagturo na susubaybay at tutulong sa kanila.

Dapat hanapin at tulungang kalingain ng mga pinuno ang mga maralita at nangangailangan sa sangay at turuan ang mga miyembro ng sangay na gawin din ang gayon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano matutugunan

ng mga miyembro ang kanilang mga pisikal na pangangailangan, tingnan sa *Gabay na Aklat ng Mag-anak.*

## Mga Ordenansa sa Templo at Kasaysayan ng Mag-anak



Bilang karagdagan sa pagtanggap ng sarili nilang mga ordenansa sa templo, tumutulong ang mga miyembro na matubos ang mga patay sa pamamagitan ng pagtukoy sa kanilang mga ninuno at pagsasagawa ng mga ordenansa sa templo para sa kanila. Dapat muna nilang pagtuunan ng pansin ang unang apat na henerasyon ng kanilang mga ninuno.

Matutulungan ng mga pinuno ang mga miyembro sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng mga doktrinang may kinalaman sa pagtubos ng mga patay, paghihikayat sa kanila na magpadala ng mga pangalan para sa gawain sa templo, at paghihikayat sa kanila na isagawa ang mga ordenansa sa templo, kung maaari, para sa kanilang mga ninuno at sa iba pang nangamatay na.

# Pagkasaserdote



Ang pagkasaserdote ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos. Sa pamamagitan nito, nagagawa Niya ang Kanyang gawain at kaluwalhatian, ang "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Pinahihintulutan ni Jesucristo ang mga karapat-dapat na lalaking miyembro ng Simbahan na taglayin ang Kanyang pagkasaserdote. Kapag naordenan na sila sa pagkasaserdote, mabibigyan na sila ng awtoridad na magsagawa ng gawain ng Panginoon, tulad ng mangaral ng ebanghelyo, magsagawa ng mga ordenansa ng pagkasaserdote, at maglingkod, kapag tinawag, sa kaharian ng Diyos sa lupa.

"Mayroon, sa simbahan, ng dalawang pagkasaserdote, alalaong baga'y, ang Melquisedec at Aaron" (D at T 107:1). Ipinanumbalik ng mga sugo mula sa langit ang awtoridad ng pagkasaserdote sa lupa sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith.

## Pagkasaserdoteng Melquisedec

Ang Pagkasaserdoteng Melquisedec ang mas mataas na pagkasaserdote. Isinunod ito sa pangalan ng dakilang mataas na saserdote na nabuhay noong panahon ni Abraham (tingnan sa D at T 107:2–5). Ang mga kapatid na nagtataglay ng pagkasaserdoteng ito ay may kapangyarihan at awtoridad

na humawak ng mga katungkulan ng pamumuno sa Simbahan at mangasiwa sa pangangaral ng ebanghelyo. Maaari silang mamuno, kung tatawagin, sa mga misyon, distrito, sangay, at korum.

Bago maordenan ang isang lalaki sa katungkulan sa Pagkasaserdoteng Melquisedec, kailangan munang maigawad sa kanya ang Pagkasaserdoteng Melquisedec. Pagkatapos ay oordenan siya sa katungkulan sa pagkasaserdoteng iyon. Ang mga katungkulang ito ay elder, mataas na saserdote, patriyarka, pitumpu, at apostol. Isinasaayos ng mga pinuno ng pagkasaserdote sa misyon o distrito ang mga miyembrong lalaki na nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec sa mga korum ng mga elder sa misyon o distrito. Isang pangulo ang namumuno sa bawat korum ng mga elder. Itinuturo niya sa mga miyembro ng korum ang kanilang mga tungkulin at nanghihikayat siya ng kapatiran sa mga miyembro ng korum. Lahat ng miyembrong lalaki sa sangay na nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ay mga miyembro ng korum ng mga elder.

### Elder at Panguluhan ng Korum ng mga Elder

Tungkulin ng mga elder ang magturo, magpaliwanag, magbinyag, at sumubaybay sa Simbahan. Bilang karagdagan sa pagkakaroon ng awtoridad at responsibilidad ng mga katungkulan sa Pagkasaserdoteng Aaron, maaaring maggawad ang mga elder ng kaloob na Espiritu Santo, mangasiwa sa maysakit, at magsagawa ng iba pang mga ordenansa (tingnan sa "Mga Ordenansa at Pagpapala ng Pagkasaserdote" sa *Gabay na Aklat ng Mag-anak*). Kapag binigyang-karapatan ng kanilang mga pinuno ng pagkasaserdote, maaaring mamuno ang mga elder sa mga pulong sa Simbahan kapag walang dumalong awtorisadong mataas na saserdote. (Tingnan sa D at T 20:42–45; 107:11.)

Kapag ang isang sangay ay may mga karapat-dapat na kalalakihan na maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, maaaring bumuo ang panguluhan ng misyon o distrito, ayon sa patnubay ng Espiritu, ng korum ng mga elder sa sangay, at tumawag at magtalaga ng isang pangulo ng korum mula sa mga miyembro ng korum. Sa pagdami ng bilang ng mga elder sa sangay, maaaring tumawag at magtalaga ang panguluhan ng misyon ng dalawang tagapayo sa pangulo ng korum ng mga elder. Bawat korum ng mga elder ay maaaring kabilangan ng hanggang 96 na mga miyembro. Ang korum ay nagbibigay ng halimbawa, tulong, at patnubay sa mga ama at sa iba pang mga miyembro ng korum.

Ang pangulo ng korum ng mga elder ay naglilingkod sa ilalim ng pamamahala ng pangulo ng distrito o misyon at mananagot sa kanya. Ang pangulo ng korum ay kumikilos din sa ilalim ng pamamahala ng pangulo ng sangay bilang miyembro ng komiteng tagapagpaganap ng pagkasaserdote sa sangay (branch priesthood executive committee) at bilang miyembro ng kapulungan ng sangay. Ang pangulo ng korum ang namamahala sa mga miyembro ng korum sa sangay at nagpapakita ng halimbawa sa kanila. Nakikipagtulungan siya sa pangulo ng sangay sa pagbuo at pagsasagawa ng pagtuturo ng tahanan upang matiyak na mananatiling aktibo ang pakikipag-ugnayan ng Simbahan sa lahat ng miyembro ng sangay.

Itinuturo ng pangulo ng korum sa mga miyembro ng korum ang ebanghelyo at ang kanilang mga tungkulin sa Pagkasaserdoteng Melquisedec (tingnan sa D at T 107:89). Hinihikayat niya sila na maglingkod nang may galak at pagpapakumbaba, lalo na sa kanilang mga responsibilidad bilang mga asawa at ama. Tinuturuan niya sila kung paano magsagawa ng mga ordenansa ng pagkasaserdote, at nagpaplano ng mga proyekto at aktibidad sa paglilingkod na nakatutulong sa mga miyembro at bumubuo ng kapatiran sa korum. Responsibilidad niya ang espirituwal at temporal na kapakanan ng mga miyembro ng korum.

Ang pangulo ng korum ng mga elder ay nag-aatas ng mga tagapagturo ng tahanan na nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec at mga nasa hustong gulang (19 na taong gulang pataas) na nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Aaron, at sa pahintulot ng pangulo ng sangay, inaatasan niya ang mga kabataang lalaki, na mga guro at saserdote sa Pagkasaserdoteng Aaron, bilang mga tagapagturo ng tahanan. Pinagtatambal-tambal ang mga tagapagturo ng tahanan sa pribadong pakikipanayam. Sa pahintulot ng pangulo ng sangay, maaaring atasan ng pangulo ng korum ng mga elder ang maybahay ng isang lalaking nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec na samahan ang kanyang asawa sa mga pagdalaw lalo na kung mag-asawa ang talagang kailangan.

Itinuturo ng pangulo ng korum sa mga miyembro ng korum ang mga layunin ng pagtuturo ng tahanan (tingnan sa mga pahina 8–9) at binibigyang-inspirasyon sila na gampanan itong mabuti. Palagiang kinakapanayam ng isang miyembro ng panguluhan ng korum ang mga tagapagturo ng tahanan upang makapag-ulat tungkol sa kanilang mga pagdalaw at malaman ang mga pangangailangan ng mga miyembro.

Pinangangasiwaan ng pangulo ng korum ng mga elder ang pagtuturo ng tahanan at laging ipinaaalam sa pangulo ng sangay ang mga pagdalaw na pagtuturo ng tahanan at ang mga pangangailangan at problema ng miyembro na nalaman niya sa mga pagdalaw na pagtuturo ng tahanan.

Hinihikayat ng pangulo ng korum ang mga miyembro ng korum na makilahok sa mga pulong at aktibidad sa Simbahan at maglingkod. Tinutulungan niya ang mga kalalakihang hindi pa naordenan at ang mga mahigit 18 taong gulang na nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Aaron na maghanda sa pagtanggap ng Pagkasaserdoteng Melquisedec at mga ordenansa sa templo. Tumutulong ang mga tagapagturo ng tahanan sa mga pagsisikap na ito, ngunit kadalasan ay kailangan ng pangulo na personal na maglingkod sa mga miyembro ng kanyang korum.

**Mataas na Saserdote, Patriyarka, Pitumpu, at Apostol**

Para sa impormasyon tungkol sa mga katungkulan ng mataas na saserdote, patriyarka, pitumpu, at apostol, tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, kabanata 14.

**Pagtuturo sa Tahanan**

Ang mga tagapagturo ng tahanan ay mga miyembrong lalaking maytaglay ng pagkasaserdote at tinawag upang tulungan ang mga pinuno ng pagkasaserdote na subaybayan at patatagin ang mga miyembro ng sangay. Ang mga kalalakihang nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec at Pagkasaserdoteng Aaron, maliban sa mga diyakono, ay maaaring maglingkod bilang mga tagapagturo ng tahanan.



Dapat palagiang dalawin ng mga tagapagturo ng tahanan ang mga miyembro, na nagpapakita ng pagmamahal sa kanila, nagtuturo sa kanila ng ebanghelyo, at nag-aanyaya sa kanila na lumapit kay Cristo. Dapat hikayatin ng mga tagapagturo ng tahanan ang mga ama na manalangin at pangalagaang mabuti ang kanilang mga mag-anak. Tinutulungan ng mga tagapagturo ng tahanan ang mga miyembro sa oras ng karamdaman, pagkamatay ng mahal sa buhay, kalungkutan, kawalan ng trabaho, at kung minsan ay sa iba pang mga espesyal na pangangailangan. (Tingnan sa D at T 20:51, 53, 59.)

Kinakatawan ng mga tagapagturo ng tahanan ang Panginoon, pangulo ng sangay, at pangulo ng korum sa pagdalaw nila sa nakaatas sa kanilang mga mag-anak. Nalalaman nila ang mga interes at pangangailangan ng mga miyembro ng mag-anak at nagpapakita ng tunay na malasakit sa kanila. Sa ilalim ng inspirasyon ng Espiritu, hangad ng mga tagapagturo ng tahanan na ituro ang ebanghelyo at paunlarin at palakasin ang pananampalataya ng mga tao at mga miyembro ng mag-anak na dinadalaw nila. Kung maaari, dapat ay may kasama ang bawat tagapagturo ng tahanan.

Mga tagapagturo ng tahanan:

- Manatiling may aktibong pakikipag-ugnayan sa bawat miyembrong nakaatas sa inyo.
- Kilalanin ang ama bilang ulo ng mag-anak (o ang ina o miyembrong walang-asawa kung walang ama sa tahanan) at tulungan siyang akayin ang mga miyembro ng kanyang mag-anak sa pagtahak nila sa landas tungo sa imortalidad at buhay na walang hanggan.
- Tulungan ang mga miyembro na magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mensahe mula sa mga banal na kasulatan o mula sa mga buhay na propeta na nasa *Mensahe ng Unang Panguluhan*, *Liahona*, o *Ensign*.
- Manalangin kasama ang mga dinadalaw nila at basbasan sila.
- Ipaalam sa mag-anak ang mga pulong, mga aktibidad sa korum at sangay, at mga natatanging proyekto, at tulungan silang lumahok.
- Mag-ulat sa pangulo ng korum ng mga elder (o sa pangulo ng sangay kung ang sangay ay walang korum ng mga elder) tungkol sa pag-unlad ng mga miyembro.
- Hikayatin at tulungan ang mga miyembro ng mag-anak na tanggapin ang lahat ng kailangang ordenansa ng ebanghelyo at tuparin ang mga kaugnay na tipan.
- Hikayatin ang mga miyembro na gawin ang gawaing misyonero at kasaysayan ng mag-anak at gawain sa templo.

**Mga Ordenansa at Pagbabasbas**

Ang mga ordenansa ng pagkasaserdote ay mga sagradong hakbang na inihayag ng Panginoon at isinasagawa sa pamamagitan ng awtoridad ng pagkasaserdote. Ang mga basbas ng pagkasaserdote ay ibinibigay para sa pagpapagaling, pag-aliw, at panghihikayat. Ang pagbibinyag at pagbabasbas at pagpapasa ng sakramento ay mga halimbawa ng mga ordenansa ng pagkasaserdote. Ang ilang mga ordenansa ay maaaring isagawa ng mga miyembrong lalaki na nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Aaron, ngunit ka-

ramihan sa mga ordenansa ay isinasagawa ng mga kalalakihang nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec (tingnan sa "Pagkasaserdoteng Aaron" na nasa gabay na aklat na ito at sa *Gabay na Aklat ng Mag-anak*). Dapat turuan ng mga pangulo ng sangay at mga pangulo ng korum ng mga elder ang mga miyembrong lalaki kung paano isasagawa ang mga ordenansa. Dapat tulungan ng mga pinunong ito ang mga ama sa paghahanda at pagiging karapat-dapat na magsagawa ng mga ordenansa para sa mga miyembro ng mag-anak. Dapat ihanda ng mga miyembrong lalaki na nagsasagawa ng mga ordenansa at pagbabasbas ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo at pagpupunyaging magabayan ng Espiritu Santo. Isinasagawa nila ang bawat ordenansa at pagbabasbas sa marangal na paraan. Bawat ordenansa ay dapat isagawa:

1. Sa pangalan ni Jesucristo.
2. Sa pamamagitan ng awtoridad ng pagkasaserdote.
3. Sa tulong ng anumang kinakailangang pamamaraan, tulad ng mga natatanging salita o inilaang langis.
4. Sa pahintulot ng hinirang na pinuno ng pagkasaserdote na nagtataglay ng angkop na mga susi, kung kinakailangan. *Ang mga ordenansang nangangailangan ng pahintulot ng pinuno ng pagkasaserdote ay ang pagpapangalan at pagbabasbas sa mga bata, pagsasagawa ng mga pagbibinyag at pagpapatibay, paggagawad ng pagkasaserdote at pag-oordena sa katungkulan sa pagkasaserdote, pagbabasbas at pagpapasa ng sakramento, at paglalaan ng mga libingan.*

Tingnan sa *Gabay na Aklat ng Mag-anak* ang tagubilin tungkol sa mga natatanging ordenansa at pagbabasbas.

## Pagkasaserdoteng Aaron



Ang Pagkasaserdoteng Aaron "ay kaakibat sa nakatataas, o ang Pagkasaserdoteng Melquisedec" (D at T 107:14). Isinunod ito sa pangalan ni Aaron na kapatid ni Moises dahil iginawad ito sa kanya at sa kanyang mga inapo. Ang mga miyembrong lalaking nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ay may awtoridad na magsagawa ng ilang ordenansa ng pagkasaserdote. Ang mga

saserdote ay maaaring magbinyag, magbasbas ng sakramento, at mag-ordena ng mga saserdote, guro, at diyakono. Maaaring maghanda ng sakramento ang mga saserdote at guro. Ang mga saserdote, guro, at diyakono ay maaaring magpasa ng sakramento. (Tingnan sa D at T 107:13–14, 20.)

Kapag iginawad ang Pagkasaserdoteng Aaron sa isang tao, inoordenan siya sa isang katungkulan sa pagkasaserdoteng iyon. Ang mga katungkulan ay diyakono, guro, at saserdote. Ayon sa patnubay ng Espiritu at depende sa dami, isinasaayos ng pangulo ng sangay, na siyang pangulo ng Pagkasaserdoteng Aaron sa sangay, ang mga miyembrong lalaki na pare-pareho ang katungkulan sa mga korum ng mga diyakono (edad 12–13), guro (edad 14–15), at saserdote (edad 16–18).

Ang pangulo ng sangay, na hawak ang mga susi ng panguluhan ng Pagkasaserdoteng Aaron, ang pangulo ng Pagkasaserdoteng Aaron sa sangay. Siya ang pangulo ng korum ng mga saserdote at maaaring tumawag ng dalawang karapat-dapat na saserdote upang maging mga katulong niya sa korum ng mga saserdote. Maaari siyang tumawag ng karapat-dapat na guro at karapat-dapat na diyakono upang maglingkod bilang mga pangulo ng mga korum ng mga guro at ng mga diyakono. Siya o ang inatasang tagapayo ay maaaring tumawag ng dalawang tagapayo sa mga pangulo ng korum ng mga guro at ng mga diyakono upang mabuo ang mga panguluhan ng mga korum na ito. Kapag sapat ang bilang ng mga kabataang lalaki sa mga korum, maaaring tumawag ang panguluhan ng sangay ng isang kabataang lalaki sa bawat korum upang maglingkod bilang kalihim ng korum. Itinatalaga ng pangulo ng sangay ang mga katulong niya sa korum ng mga saserdote at ang mga pangulo ng mga korum ng mga guro at ng mga diyakono. Isang miyembro ng panguluhan ng sangay ang nagtatalaga sa mga tagapayo sa mga panguluhan ng korum at mga kalihim.

Kasunod ng mga pambungad na gawain ng pulong ng pagkasaserdote, nagpupulong ang Pagkasaserdoteng Aaron, sa ilalim ng pamamahala ng pangulo ng sangay, nang hiwalay sa mga nagtataglay ng Pagkaserdoteng Melquisedec.

Kapag bumubuo ng mga korum ng Pagkasaserdoteng Aaron ang pangulo ng sangay, tumatawag siya, ayon sa patnubay ng Espiritu, at nagtatalaga ng isang lalaking nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec o ng katungkulan ng saserdote sa Pagkasaserdoteng Aaron upang maglingkod bilang pangulo ng Mga Kabataang Lalaki. Ang pangulo ng Mga Kabataang Lalaki ay nakikipagtulungan sa panguluhan ng sangay at sa mga panguluhan ng korum ng

Pagkasaserdoteng Aaron upang tulungan ang bawat miyembro ng korum na palakasin ang kanyang pananampalataya kay Jesucristo at dagdagan ang kanyang pag-unawa at matibay na pangakong mamuhay ayon sa mga alituntunin ng ipinanumbalik na ebanghelyo.

Ang mga layunin ng Pagkasaserdoteng Aaron ay tulungan ang bawat naordenan sa pagkasaserdoteng iyon na:

- Magbalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo at mamuhay ayon sa mga turo nito.
- Maglingkod nang tapat sa mga katungkulan sa pagkasaserdote at gampanan ang mga responsibilidad ng bawat katungkulan sa pagkasaserdote.
- Magbigay ng makabuluhang paglilingkod.
- Maghanda at mamuhay nang marapat upang tanggapin ang Pagkasaserdoteng Melquisedec at mga ordenansa sa templo.
- Maghandang maglingkod nang may dangal sa full-time na misyon.
- Mag-aral hangga't makakaya at maghandang maging karapat-dapat na asawa at ama.
- Magbigay ng angkop na paggalang sa mga kababaihan, mga batang babae, at mga bata.

Nakikipagtulungan ang pangulo ng sangay sa mga panguluhan ng korum ng Pagkasaserdoteng Aaron upang pagplanuhan ang mga pulong ng korum, mga proyekto sa paglilingkod, at mga aktibidad upang makatulong sa pagsasagawa ng mga layuning ito. Ang mga aktibidad ay dapat maglaan ng kaiga-igayang kapaligiran kung saan ang mga kabataang lalaki ay maaaring makipagkaibigan, makapaglaan ng paglilingkod, at magkaroon ng mga kasanayan kasama ang ibang katulad nila ang paniniwala at mga pamantayan.

Ang mga panguluhan ng korum ng Pagkasaserdoteng Aaron at mga panguluhan sa klase ng Mga Kabataang Babae, sa pakikipagtulungan sa mga pinuno ng Pagkasaserdoteng Aaron at Mga Kabataang Babae na nasa hustong gulang, ay maaaring magplano ng mga aktibidad na magkakasama ang Pagkasaserdoteng Aaron at ang Mga Kabataang Babae sa ilalim ng pamamahala ng pangulo ng sangay. Ang mga magkakasamang aktibidad ay tinatawag na Mutwal.

**Diyakono**

Maaaring ordenan sa pagiging diyakono ang karapat-dapat na kabataang lalaking nabinyagan at napagtibay kapag siya ay hindi kukulangin sa 12 taong gulang. Ang mga diyakono ay karaniwang inaatasang magpasa ng

sakramento, mangalaga sa mga gusali at paligid ng Simbahan, tumulong sa pagkalinga sa mga nangangailangan, at tumupad sa mga natatanging gawain, tulad ng pagtitipon ng mga handog-ayuno.

Ang korum ng mga diyakono ay maaaring kabilangan ng hanggang 12 diyakono (tingnan sa D at T 107:85).

**Guro**

Maaaring ordenan sa pagiging guro ang karapat-dapat na kabataang lalaki kapag siya ay hindi kukulangin sa 14 na taong gulang. Bilang karagdagan sa lahat ng awtoridad at responsibilidad ng mga diyakono, ang mga guro ang naghahanda ng sakramento at naglilingkod bilang mga tagapagturo ng tahanan.

Ang korum ng mga guro ay maaaring kabilangan ng hanggang 24 na guro (tingnan sa D at T 107:86).

**Saserdote**

Maaaring ordenan bilang mga saserdote ang mga karapat-dapat na miyembrong lalaki kapag sila ay hindi kukulangin sa 16 na taong gulang. Karaniwan, ang mga bagong binyag na lalaki na nasa hustong gulang ay inoordenan bilang mga saserdote hanggang sa magkaroon sila ng sapat na karanasan upang maordenan bilang mga elder.

Bilang karagdagan sa lahat ng awtoridad at responsibilidad ng mga diyakono at guro, ang mga saserdote ay maaaring magbinyag at mangasiwa ng sakramento at mangasiwa sa mga pulong kapag walang sinumang nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec doon (tingnan sa D at T 20:46–51).

Ang korum ng mga saserdote ay maaaring kabilangan ng hanggang 48 saserdote (tingnan sa D at T 107:87–88).

# Mga Pantulong na Samahan



Sa isang sangay, unang itinatatag ang organisasyon ng pagkasaserdote. Habang dumarami ang mga miyembro at nagkakaroon ng mga pinuno at mga lugar na pagpupulungan, maaaring bumuo ang pangulo ng sangay ng mga pantulong na samahan sa pagkasaserdote kung inaakala niyang kailangan ang mga ito. Ang mga pantulong na samahan ay ang Samahang Damayan, Mga Kabataang Lalaki, Mga Kabataang Babae, Primarya, at Panlinggong Paaralan.

Hangga't walang sapat na bilang ng mga kababaihan, mga kabataang babae, at mga bata sa sangay na mahahati sa magkakahiwalay na grupo ng pantulong na samahan, sama-sama silang nagpupulong para maturuan sa ilalim ng pamamahala ng pangulo ng Samahang Damayan.

## Samahang Damayan

Tinutulungan ng Samahang Damayan ang mga pinuno ng pagkasaserdote sa pamamagitan ng paghihikayat sa mga miyembrong babaing nasa hustong gulang (18 taong gulang pataas) na magkaroon ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Tinutulungan ng Samahang Damayan ang mga kababaihan at ang kanilang mga maganak na lumapit kay Cristo at mamuhay nang marapat upang tanggapin ang patnubay ng Espiritu Santo. Ang mga miyembrong babae

sa Samahang Damayan ay nagtuturo at natututo ng mga doktrina ng ebanghelyo, naglalaan ng mapagkawanggawang paglilingkod, nag-aaral ng mga kasanayang pantahanan, pinatatatag ang mga ugnayan ng maganak, at naglilingkod at nagtataguyod sa bawat miyembrong babae.

Kapag ang sangay ay may kahit dalawa man lamang na mga babaing miyembro, maaaring magtatag ng Samahang Damayan ang pangulo ng sangay. Sa ilalim ng pamamahala ng pangulo ng sangay, ang pangulo ng Samahang Damayan ay:

- Namamahala o nangangasiwa sa klase para sa mga kababaihang nasa hustong gulang (18 taong gulang pataas) tuwing Linggo habang nasa pulong ng pagkasaserdote ang mga kalalakihan at kabataang lalaki.
- Nakikipagtulungan sa pangulo ng sangay upang ipaalam sa kanya ang mga pangangailangan at aktibidad ng mga kababaihan, mga kabataang babae, at mga bata.
- Tumutulong sa pangulo ng sangay sa pagtukoy at pangangalaga sa mga nangangailangan.

## Mga Kabataang Lalaki

Tingnan sa "Pagkasaserdoteng Aaron" sa mga pahina 10–13 ng gabay na aklat na ito.

## Mga Kabataang Babae



Ang responsibilidad ng panguluhan ng sangay sa mga kabataang babaing mula 12 hanggang 18 taong gulang ay katulad ng sa mga kabataang lalaking gayon din ang edad.

Tinutulungan ng organisasyon ng Mga Kabataang Babae ang mga batang babae (12 hanggang 17 taong gulang) na magbalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo, igalang ang kanilang mga magulang, maghandang gawin at tuparin ang mga sagradong tipan sa templo, maging mga karapat-dapat na asawa at ina, at maglingkod. Natututo ang mga kabataang babae sa pag-aaral ng ebanghelyo sa mga pulong tuwing Linggo at sa mga aktibidad sa karaniwang araw.

Maaaring magpulong nang hiwalay sa Samahang Damayan ang mga kabataang babaing 12 hanggang 17 taong gulang kapag natiyak ng pangulo ng sangay na sapat ang bilang ng mga kabataang babaing naninirahan sa sangay. Maaari niyang paghiwa-hiwala-

yin ang mga ito sa mga klase ng Beehive (edad 12–13), Mia Maid (edad 14–15) at Laurel (edad 16–17). Maaari siyang tumawag at magtalaga ng karapat-dapat na kabataang babae sa bawat klase upang maging pangulo ng klase. Ang isang miyembro ng panguluhan ng sangay ay maaaring tumawag at magtalaga ng dalawa pang kabataang babae bilang mga tagapayo sa bawat pangulo at isang kalihim ng klase kapag sapat ang bilang ng mga kabataang babae sa klase.

Sa ilalim ng pamamahala ng pangulo ng sangay, ang panguluhan (mga nasa hustong gulang) ng Mga Kabataang Babae ay nakikipagtulungan sa panguluhan ng sangay at sa mga panguluhan ng mga klase ng Mga Kabataang Babae (mga batang babae) upang palakasin ang pananampalataya ng bawat kabataang babae kay Jesucristo at dagdagan ang kanyang pang-unawa at matibay na pangakong mamuhay ayon sa mga alituntunin ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Ang pagtuturo ng ebanghelyo tuwing Linggo at mga makabuluhang aktibidad sa karaniwang araw ay makatutulong sa pagkakamit ng mga layuning ito.

Ang mga panguluhan sa klase ng Mga Kabataang Babae at mga panguluhan sa korum ng Pagkasaserdoteng Aaron, sa pakikipagtulungan sa mga nasa hustong gulang na pinuno ng Mga Kabataang Babae at Pagkasaserdoteng Aaron at sa ilalim ng pamamahala ng pangulo ng sangay, ay maaaring magplano ng mga aktibidad na magkasama ang Pagkasaserdoteng Aaron at Mga Kabataang Babae. Ang mga magkasamang aktibidad ay tinatawag na Mutwal.

## Primarya



Itinuturo ng Primarya sa mga bata (edad 3 hanggang 11) ang ebanghelyo ni Jesucristo at tinutulungan silang matutong ipamuhay ito. Sa Primarya, nadarama ng mga bata ang pagtanggap, ang pagmamahal ng Tagapagligtas, at ang kagalakang dulot ng ebanghelyo.

Ang tema ng Primarya ay “Lahat ng inyong mga anak ay tuturuan ng Panginoon; at malaki ang magiging kapayapaan ng inyong mga anak” (3 Nephi 22:13). Tumutulong ang Primarya sa mga pinuno ng pagkasaserdote sa pagsasakatuparan ng misyon ng Simbahan sa pamamagitan ng panghihikayat sa mga bata na pag-aralan ang mga banal na kasulatan,

manalangin, at sundin ang halimbawa ng Tagapagligtas. Ang mga layunin ng Primarya ay:

- Ituro sa mga bata na sila ay mga anak ng Diyos at na mahal sila ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.
- Tulungan ang mga bata na matutuhang mahalin ang Ama sa Langit at si Jesucristo.
- Tulungan ang mga bata na maghandang mabinyagan, tanggapin ang Espiritu Santo, at tuparin ang kanilang mga tipan at pangako sa binyag.
- Tulungan ang mga bata na umunlad sa kanilang pang-unawa sa plano ng ebanghelyo at maglaan ng pagkakataon upang maipamuhay nila ang mga alituntunin ng ebanghelyo.
- Tulungan ang mga batang lalaki na matanggap ang pagkasaserdote at maging karapat-dapat na gamitin ang pagkasaserdote upang basbasan at paglingkuran ang iba.
- Tulungan ang mga batang babae na maghandang maging mabubuting kabataan, maunawaan ang mga biyaya ng pagkasaserdote at ng templo, at maglingkod sa iba.

Tinutulungan ng mga pinuno at guro ng Pagkasaserdote at Primarya ang mga magulang sa pagtuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo sa kanilang mga anak habang naghahangad at ginagabayan sila ng Espiritu. Bawat bata sa Primarya ay kailangang mahalin ng mga mapagmalasakit na guro at pinuno, lalo na ang mga batang mula sa mga tahanang kulang sa malakas na suporta sa pamumuhay ng ebanghelyo.

Kapag sapat ang bilang ng mga bata, nagpupulong sila nang hiwalay sa mga kababaihan at mga kabataang babae para sa pagtuturo sa klase at oras ng pagbabahagi sa Panlinggong Paaralan at sa oras ng Samahang Damayan at Mga Kabataang Babae. Paminsan-minsan ay maaaring bumuo ang mga sangay ng mga aktibidad para sa mga bata sa Primarya sa ibang araw maliban kung Linggo. Ang iba pang tagubilin hinggil sa oras ng pagbabahagi at mga aktibidad sa karaniwang araw ay makukuha sa pamamagitan ng mga pinuno ng pagkasaserdote.

## Panlinggong Paaralan

Tinutulungan ng Panlinggong Paaralan ang mga miyembro at nagsisiyasat na edad 12 pataas na matutuhan ang ebanghelyo ni Jesucristo at mamuhay ayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo sa pamamagitan ng paglalaan ng espirituwal na kalakasan at tagubilin sa mga pulong tuwing Linggo. Hinihikayat ng mga guro sa Panlinggong Paaralan ang mga miyembro na:

- Mag-aral ng mga banal na kasulatan.
- Sundin ang mga kautusan.
- Tanggapin ang mahahalagang ordenansa at tuparin ang mga kaugnay na tipan ng ebanghelyo.

Ang panguluhan ng Panlinggong Paaralan ang nangangasiwa sa Panlinggong Paaralan. Ang pangulo ang nagrerekomenda ng mga potensiyal na guro sa pangulo ng sangay. Tumatawag at nagtatalaga ang panguluhan ng sangay ng mga gurong magtuturo sa mga klase ng Panlinggong Paaralan. Nagpupulung-pulong ang mga kabataan at mga nasa hustong gulang kapag kakaunti lamang sila, ngunit kapag sapat ang dami nila, maaari silang maghiwa-hiwalay ng klase.



# Pagpapahusay ng Kurikulum at ng Guro




## Kurikulum

Naglalaan ang Simbahan ng mga materyal ng kurikulum sa korum ng pagkasaserdote at pantulong na samahan. Ang Panguluhan ng Pook ang nagbibigay ng tagubilin hinggil sa mga materyal na gagamitin bawat taon. Ang mga tagubilin ay ibinibigay kasama ng taunang padala ng mga materyal mula sa sentro ng pamamahagi o service center ng Simbahan. Ang lathalaing *Impormasyon para sa mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* (36363 893), na makukuha sa pamamagitan ng mga pinuno ng pagkasaserdote, ay naglalaman ng buod ng kurikulum ng Simbahan. Hinihikayat ang mga pinuno at guro na tanging ang mga sinang-ayunang materyal lamang sa Simbahan ang gamitin sa pagtuturo at iwasan ang paggamit ng mga produktong ginagawa at ipinagbibili ng iba.

Ang mga *Mensahe ng Unang Panguluhan, Mensahe sa Pagdalaw na Pagtuturo*, at mapagkukunan sa *Liahona* ay naglalaan ng materyal na magpapanariwa at magpapabuti sa mga araling nasa mga manwal ng kurikulum. Matatamo ang mga materyal na ito sa nakalimbag at sa electronic na kopya sa opisyal na Internet site ng Simbahan, ang www.lds.org. Kung may *Liahona* sa inyong lugar, bawat

mag-anak sa sangay ay dapat magkaroon ng suskrisyon.

## Pagpapahusay ng Guro

Ang mga magulang, pinuno, at guro ay may sagradong responsibilidad na ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo. Sa pamamagitan ng kanilang pagsisikap, matututo ang iba kung paano ipamuhay ang mga katotohanan ng ebanghelyo sa pang-araw-araw na buhay. Sinabi ng Panginoon: "Binigyan ko kayo ng kautusan na turuan ninyo ang isa't isa ng doktrina ng kaharian. Masigasig kayong magturo at ang aking biyaya ay dadalo sa inyo" (D at T 88:77–78).

Ang panguluhan ng sangay ay may pananagutan sa uri ng pagtuturo sa sangay. Kapag sapat ang bilang ng matatatag na miyembro sa sangay, tumatawag ang panguluhan ng isang miyembrong lalaki o babae upang maglingkod bilang koordineytor ng sangay sa pagpapahusay ng guro.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagtuturo at pagpapahusay ng guro, tingnan sa *Gabay na Aklat sa Pagtuturo.*



# Pamumuno



## Ang Halimbawa ng Tagapagligtas

Ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo ay nagpakita ng perpektong halimbawang maaaring sundan ng mga miyembro bilang mga pinuno sa kanilang mga mag-anak at sa Simbahan. Minahal Niya ang Kanyang Ama at ang mga taong pinaglingkuran Niya. Nabuhay Siya upang maglingkod sa iba, na tinutulungan at hinihikayat ang mga maralita at naaapi at nagbibigay ng pag-asa sa mga pinanghihinaan ng loob.

Naunawaan ni Jesus ang Kanyang tungkulin at naging madasalin at masigasig sa pagtupad nito. Lagi Niyang ginagawa ang kalooban ng Kanyang Ama at ibinigay sa Kanya ang kaluwalhatian, nang hindi naghahangad para sa Kanyang sarili. Isinakripisyo Niya ang lahat para sa sangkatauhan, inialay ang Kanyang buhay sa krus at nagbayad-sala para sa mga kasalanan ng lahat ng tao.

Habang sinusunod ng mga pinuno ang halimbawa ng Tagapagligtas, daragdagan Niya ang kanilang kakayahang gawin ang Kanyang gawain. Bibigyan Niya sila ng inspirasyong malaman ang dapat nilang sabihin at gawin (tingnan sa D at T 100:6). Ang mga pinuno ay tunay na nagiging kapwa Niya mga tagapaglingkod sa

pagtatayo ng kaharian ng Diyos. Magiging mga estudyante sila ng mga banal na kasulatan, matututuhan ang mga doktrina at alituntunin ng ebanghelyo, at magsisikap na ituro ang mga ito sa kanilang mga paglilingkuran.

## Mga Katangian ng mga Pinuno

### Pananampalataya

Sa Kanyang mortal na ministeryo, hinimok na mabuti ng Tagapagligtas ang Kanyang mga disipulo na magpakita ng pananampalataya (tingnan sa Mateo 17:14–21; Lucas 8:22–25). Ang mga pinuno sa Simbahan ay dapat magkaroon ng pananampalataya na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Nagkakaroon sila ng pananampalatayang ito sa pamamagitan ng panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, pagsunod, at pagsisisi. Habang inaalagaan natin ang binhi ng pananampalataya, lalago ito sa ating kalooban at magbubunga ng prutas na pinakamahalaga at pinakamatamis (tingnan sa Alma 32:42).

### Pagmamahal

Sinabi ng Tagapagligtas: "Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa't isa. Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa" (Juan 13:34–35). Dapat mahalin ng mga pinuno ang mga taong ipinagkatiwala sa kanila ng Panginoon. Habang minamahal ng mga pinuno ang mga tao, nanaisin nilang paglingkuran, turuan, at tulungan silang pagsumikapan ang kanilang kaligtasan.

Sa daigdig, bihirang ituring ng mga tao na tagapaglingkod ang mga pinuno. Ngunit itinuro ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng Kanyang mga salita at halimbawa na dapat paglingkuran ng mga pinuno ang mga taong kanilang pinamumunuan. Sinabi niya sa Labindalawa, "Sinomang magibig na maging una sa inyo ay magiging alipin ninyo" (Mateo 20:27). Kapag naglilingkod tayo, pinaglilingkuran natin ang Panginoon (tingnan sa Mateo 25:31–40; Mosias 2:17).

### Pagsunod

Ipinakita ni Jesucristo ang perpektong halimbawa ng pagsunod at pagpapasailalim sa kalooban ng Ama sa Langit (tingnan sa Mateo 26:39; Juan 5:30). Kailangang sundin ng mga pinuno ang mga kautusan ng Panginoon upang makapagpakita sila ng halimbawa sa iba at maging karapat-dapat na tumanggap ng patnubay mula sa Espiritu Santo. Ang pagsunod ay nagpapakita ng pagmamahal sa Panginoon (tingnan sa Juan 14:15).

Ang mga kautusan ng Panginoon ay inihayag sa mga banal na kasulatan, sa pamamagitan ng mga pinuno ng

Simbahan, at sa inspirasyong dulot ng Banal na Espiritu. Habang sinusunod ng mga pinuno ang mga kautusang ito, tutulungan sila ng Panginoon na magampanan ang kanilang mga tungkulin.

### Pagkakaisa

Sa Kanyang dakilang panalangin ng pamamagitan, dumalangin ang Tagapagligtas na nawa'y magkaisa ang mga taong naniniwala sa Kanya, tulad ng pagkakaisa Nila ng Kanyang Ama (tingnan sa 17:20–23). Mahalaga ang pagkakaisa sa tagumpay ng bawat organisasyon ng Simbahan. Ang mga pangulo ng pagkasaserdote at ng pantulong na samahan ay hindi dapat gumawang mag-isa nang hindi sumasangguni sa kanilang mga tagapayo. Mas maraming nagagawa ang mga panguluhan kapag sila ay nagkakaisa at nagsasanggunian.

### Sakripisyo

Isang mayamang binata ang nagtanong sa Tagapagligtas kung ano ang dapat niyang gawin upang magmana ng buhay na walang hanggan. "Sundin mo ang mga kautusan," ang sabi ng Panginoon sa kanya. Sinabi ng binata na nasunod na niyang lahat ang mga kautusan mula sa kanyang pagkabata, at nagtanong, "Ano pa ang kulang sa akin?" Si Jesus, na nakaaalam ng nasa puso niya ay nagsabi sa kanyang ipagbili ang kanyang mga ari-arian, magbigay sa mga dukha at sumunod sa Kanya. Subalit "yumaon siyang [ang binata] namamanglaw; sapagka't siya'y isang may maraming pagaari." (Tingnan sa Mateo 19:16–22.)

Sa pangyayaring ito, itinuturo ng Panginoon na dapat ay handa ang mga pinuno na isakripisyo ang lahat ng bagay sa pagsunod sa Kanya. Tulad ng mayamang binata, ang mga pinuno ay maaaring hilingang isakripisyo ang kanilang mga ari-arian, o ang kanilang panahon, mga talento, at mga pansariling mithiin upang palaganapin ang gawain ng Panginoon. Habang nagsasakripisyo ang mga pinuno para sa Panginoon at sa Kanyang kaharian, nangangako Siyang pagpapalain sila sa lahat ng bagay (tingnan sa Mateo 19:29; D at T 97:8–9).

## Mga Atas na Gawain sa Pamumuno

### Pagtatakda ng mga Layunin

Nalalaman ng mga pinuno na ang paghahangad ng patnubay mula sa Panginoon nang may panalangin tungkol sa kung ano ang nais Niyang ipagawa sa kanila ay mahalaga sa kanilang mga tungkulin. Ang pagtatakda ng mga layunin, sa patnubay ng Espiritu, ay makatutulong sa kanila sa paggawa ng gawaing ibinigay sa kanila ng Panginoon.

Sa pagtatakda ng layunin, kailangang planuhin ng pinuno kung paano ito

maisasakatuparan. Halimbawa, maaaring magtakda ng layunin ang isang pangulo ng distrito na dagdagan ang bilang ng mga dumadalo sa mga pulong sakramento sa distrito. Maaari niyang isama sa plano niya ang paghiling sa mga pangulo ng sangay na anyayahan ang lahat ng miyembro ng sangay na matibay na mangakong dadalo sa mga pulong sakramento.

Mahihikayat ng mga pinuno ang mga miyembro na magtakda at maisakatuparan ang mga personal na layunin. Maaaring magmungkahi ng mga layunin ang mga pinuno para sa mga tao, ngunit dapat silang magtakda ng sarili nilang mga layunin at magplano kung paano maisasakatuparan ang mga ito.

**Pagpaplano at Pagpapakatawan**

Ang mga sumusunod na hakbang ay makatutulong kapwa sa mga pinuno ng pagkasaserdote at pantulong na samahan sa pagpaplano ng mga pulong, aktibidad, proyekto sa paglilingkod, at layunin sa pagsasagawa ng gawain ng Panginoon at magiging kapaki-pakinabang ito sa pakikisama sa mga miyembro at pakikipagkaibigan sa mga hindi miyembro.
Matutulungan ng mga hakbang na ito ang mga pinuno na isaayos ang pagtuturo ng tahanan at pagdalaw na pagtuturo ng Samahang Damayan, at matutulungan ang mga pinuno ng pagkasaserdote sa pagtawag ng mga miyembro upang maglingkod sa mga katungkulan sa sangay.

1. Magplano at magsaayos. Ang mga pinuno ang nagpaplano ng lahat ng pulong, aktibidad, at layunin para magkaroon ng layunin sa ebanghelyo. Sa paggawa ng mga planong ito, hinihilingan ng mga pinuno ang iba, tulad ng kanilang mga tagapayo, na magbahagi ng mga ideya at tumulong sa pagsasaayos.
2. Manalangin. Ang mga pinuno ay nananalangin para sa patnubay sa pamamagitan ng mga inspirasyong dulot ng Espiritu habang gumagawa at nagpapatupad sila ng mga plano. Dumadalangin din sila para sa patnubay upang malaman kung sino ang dapat nilang tawagin para tumulong sa gawain.
3. Magpakatawan. Inaanyayahan ng isang mabuting pinuno ang iba upang tumulong dahil alam niyang hindi niya kaya at hindi niya dapat gawing mag-isa ang lahat. Nagpapakatawan siya upang tulungan ang iba na madagdagan ang kanilang mga kakayahan sa pagbibigay sa kanila ng karanasan. Ipinaliliwanag niya ang plano sa kanila. Pagkatapos ay ipinakakatawan niya (iniaatas) ang mga partikular na gawain sa bawat tao, na ipinaliliwanag ang mga tungkulin at pagpapala ng pagsasakatuparan ng gawain.

4. Tumulong at sumuporta. Matapos magplano, manalangin, at magpakatawan ang isang pinuno, sinusuportahan niya ang mga taong inatasan niya ng responsibilidad. Itinuturo niya sa kanila ang dapat nilang malaman at nag-aalok ng tulong ngunit hindi ginagawa ang mga gawaing iniatas niyang gawin nila. Ipinadarama niya ang kanyang pagmamahal at pagtitiwala at hinihikayat silang gamitin ang sarili nilang mga ideya at inspirasyon sa halip na igiit na laging gawin ang mga bagay sa paraang nais niya. Tinuturuan niya silang muli o pinababago ang kanilang ginagawa kung kinakailangan lamang.
5. Subaybayan ang pag-unlad. Matapos mag-atas ng gagawin, paulit-ulit na humihingi ng ulat sa pag-unlad ang pinuno. Maaari niyang gawin ito sa pangkaraniwang pakikipag-usap, sa isang pulong, o kaya'y sa sarilinang pakikipanayam. Sa pag-uulat, pinasasalamatan ng pinuno ang tao at nagbibigay ng taos-pusong papuri at panghihikayat. Maaari din niyang talakayin kung paano magagawa nang mas mabuti ang iniatas na gawain.
6. Suriin. Kapag natapos na ang iniatas na gawain, sinusuri ito ng pinuno kasama ang bawat inatasang tao. Nagpapapasalamat siya, tinatalakay ang kahalagahan ng ginawa, at maaaring bigyan pa ang tao ng isa pang gagawin.

**Paghahanda ng mga Adyenda**

Ang adyenda ay isang plano para sa pulong. Maaari itong kabilangan ng mga panalangin, himno, pananalita, patalastas, mga opisyal na tatalakayin, pag-uulat ng mga nagawa, mga bagong takdang-gawain, at iba pang mahahalagang bagay. Nakatutulong sa isang pinuno ang nakasulat na adyenda upang tiyakin na matatalakay ang pinakamahahalagang bagay at ang oras ng pulong ay nagagamit nang matino. Tumutulong din ito sa kanya na pangasiwaan ang pulong sa maayos na paraan.

Ang taong namumuno o nangangasiwa ang karaniwang naghahanda ng adyenda. Tinitiyak niyang kasama rito ang lahat ng kailangan upang maisakatuparan ang mga layunin ng pulong. Ang taong naghahanda ng adyenda ang nagpapasiya kung gaano katagal pag-uusapan ang bawat aytem na nasa adyenda. Kung iilang oras lamang ang nauukol para talakayin ang lahat ng aytem, isinasama na lamang niya ang ilan sa mga ito sa adyenda para sa susunod na pulong.

**Pangangasiwa sa mga Pulong**

Ang taong nangangasiwa sa pulong ang tumatayong pinuno ng pulong na iyon. Binabanggit niya ang mga pangalan ng mga taong mananalangin,

magsasalita, mamumuno sa musika, at gagawa sa iba pang bagay sa pulong. Ang nangangasiwa sa pulong ay dapat maging mapitagan at dapat pangasiwaan ang pulong ayon sa patnubay ng Espiritu ng Panginoon.

Ang taong namumuno sa pulong ang maaaring mangasiwa rito o maaari niyang hilingan ang iba na pangasiwaan ito sa ilalim ng kanyang pamamahala. Halimbawa, maaaring hilingan ng pangulo ng sangay ang isa sa kanyang mga tagapayo na siyang mangasiwa sa pulong sakramento, o maaaring hilingan ng pangulo ng korum ang isa sa kanyang mga tagapayo na siyang mangasiwa sa pulong ng korum. Maaari din itong gawin sa mga pulong ng mga pantulong na samahan.

## Mga Kapulungan



Pinamamahalaan ng Panginoon ang Kanyang kaharian sa pamamagitan ng alituntunin ng mga kapulungan. Ang mga nangangasiwa sa mga pulong ng kapulungan, gaya ng pulong ng kapulungan ng sangay, pulong ng komiteng tagapagpaganap ng pagkasaserdote, at mga pulong ng panguluhan ng pagkasaserdote at ng pantulong na samahan (tingnan sa *Gabay na Aklat ng Sangay*) ay dapat sundin ang sumusunod na mahahalagang alituntunin:

- Pagtuunan ang mga doktrina at alituntunin ng ebanghelyo, hindi ang mga bagay na walang batayan.
- Pagtuunan ang mga tao at kung paano sila palalakasin sa ebanghelyo, na laging tinatandaan na pagingatang mabuti ang lihim na impormasyon.
- Itaguyod ang malaya at bukas na pagpapahayag, na nagbibigay ng pagkakataong makapagsalita ang lahat. Kailangang makinig at magsalita rin ang mga pinuno.
- Itaguyod at tumulong na maisakatuparan ang mga pasiya ng mga namamahalang pinuno.
- Mamuno nang may pagmamahal at pagmamalasakit sa mga pangangailangan at kapakanan ng lahat.

## Pag-iingat ng mga Lihim

Hindi dapat ihayag ng mga pinuno ang lihim na impormasyon kahit kanino, maging ito man ay mula sa mga pormal na pakikipanayam o di-por-

mal na usapan. Ang impormasyong bunga ng mga panayam at pagtatapat at impormasyong tulad ng halaga ng ikapu at mga donasyong ibinabayad ng isang tao ay kailangang ilihim nang lubusan. Hindi dapat talakayin ng isang pinuno sa ibang tao ang mga pribadong bagay tungkol sa isang tao, kabilang na ang mga tagapayo at asawa, maliban kung ipahihintulot ng tao. Ang pinunong pabaya sa pag-iingat ng mga bagay na lubos na ipinaglilihim ay makapagpapahina sa patotoo at pananampalataya ng mga taong pinaglilingkuran niya at magpapabawas ng kanilang tiwala sa kanya.

# Pagkuha ng mga Materyal ng Simbahan at Paghahanap ng Impormasyon Tungkol sa Kasaysayan ng Mag-anak

Ang mga lokal na pinuno at iba pang miyembro ay maaaring makakuha ng mga materyal ng Simbahan, kabilang na ang mga banal na kasulatan, kurso sa pag-aaral, magasin ng Simbahan, garment, at kasuotan sa templo, mula sa kanilang sentro ng pamamahagi o service center ng Simbahan, mula sa Salt Lake Distribution Center, o sa pamamagitan ng opisyal na Internet site ng Simbahan, na matatagpuan sa www.lds.org.

Ang impormasyon tungkol sa gawain sa kasaysayan ng mag-anak ay makukuha sa Internet site ng Simbahan ukol sa kasaysayan ng mag-anak, na matatagpuan sa www.familysearch.org.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02311 78893 4
31178 893